



JENNIFER KENT  
DIRECTOR

State of California—Health and Human Services Agency  
Department of Health Care Services



GAVIN NEWSOM  
GOVERNOR

CalHEERS Case Number:

DATE

HOH\_NAME

ADDR\_LINE\_1

ADDR\_LINE\_2

CITY, STATE ZIP

Minamahal naming Subscriber:

**Ang sulat na ito ay naglalaman ng mahalagang balita tungkol sa mga pagbabago sa coverage ng pangangalagang medikal, pangkaisipang kalusugan, dental at para sa paningin ng inyong anak.**

Ang inyong anak ay mayroong coverage sa pamamagitan ng Santa Clara Family Health Plan's Healthy Kids HMO, ang County Children's Health Initiative Program (CCHIP).

Simula October 1, 2019, makukuha ng mga bata sa Healthy Kids HMO-CCHIP ang kanilang pangangalagang medikal, pangkaisipang kalusugan, at para sa paningin sa pamamagitan ng Santa Clara Family Health Plan's Medi-Cal na programa.

Makakakuha ng pangangalagang dental ang inyong anak sa pamamagitan ng Medi-Cal Dental. Simula October 1, 2019, maaaring magpatingin ang inyong anak sa sinumang dentista na tumatanggap ng Medi-Cal Dental.

**Hindi** magbabago ang mga serbisyo kung saan karapat-dapat ang inyong anak.

**Hindi** mawawalan ng anumang benepisyong pangkalusugan, dental, pangkaisipang kalusugan, o para sa paningin ang inyong anak. Maaaring kailangan ng inyong anak ng bagong dentista. Tanungin ang inyong kasalukuyang dentista kung tumatanggap sila ng Medi-Cal Dental.

Medi-Cal Eligibility Division  
1501 Capitol Avenue, MS 4607  
P.O. Box 997413, Sacramento, CA, 95899-7413  
Internet Address: [www.dhcs.ca.gov](http://www.dhcs.ca.gov)

### **Mga sumusunod na hakbang:**

1. Patuloy na bayaran ang inyong premium. Kung hindi kayo magbayad ng mga premium nang buo nang magkasunod na dalawang buwan, matatanggal sa pagkaka-enroll ang inyong anak mula sa Healthy Kids.
2. Maghintay ng higit pang mga sulat mula sa Department of Health Care Services (DHCS). Sasabihin nila sa inyo kung kailan ililipat ang inyong anak sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal. Sasabihin din nila sa iyo ang tungkol sa dental coverage ng inyong anak. Makakakuha kayo ng hindi bababa sa isa pang sulat mula sa amin tungkol sa paglilipat ng coverage sa pangangalagang pangkalusugan ng inyong anak sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa inyong county.
3. Sabihin sa Tagapangasiwa ng CCHIP kung lumipat kayo ng tirahan o nagbago ng inyong numero ng telepono, para patuloy kayong makakuha ng impormasyon.

### **Mayroong mga Katanungan?**

Upang magtanong tungkol sa paglilipat ng inyong anak mula sa planong pangkalusugan ng Healthy Kids papunta sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal, tumawag sa Tagapangasiwa ng Programa ng CCHIP sa **1-833-91C-CHIP** (1-833-912-2447).

Upang alamin ang higit pa tungkol sa pagbabago ng CCHIP at ng Medi-Cal Managed Care Plans, basahin ang Mga Madalas na Itanong o Frequently Asked Questions (FAQ) sa susunod na pahina.

Nagpapasalamat,

Department of Health Care Services

Medi-Cal Eligibility Division  
1501 Capitol Avenue, MS 4607  
P.O. Box 997413, Sacramento, CA, 95899-7413  
Internet Address: [www.dhcs.ca.gov](http://www.dhcs.ca.gov)